REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON
DEPARTMENT OF EDUCATION
DepED Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines

JUL 25 2006

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 282 , s. 2006

BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2006

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Superintendent ng mga Paaralan
Pangulo/Pinuno ng mga Paaralang Pribado

1. Bilang pag-alinsunod sa Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, taunang ipinagdiriwang ang Buwan ng Wikang Pambansa tuwing Agosto na pinangungunahan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). Para sa taong 2006, ang tema ng pagdiriwang ay "Ang Buwan ng Wikang Pambansa ay Buwan ng mga Wika sa Pilipinas".

2. Layunin ng pagdiriwang sa taong ito na:

a. ipakita at itampok ang kahalagahan ng dibersidad ng mga wika sa Pilipinas sa pagbubuo ng matatag na bansa;

b. magkaroon ng porum sa antas local, panrehiyon at pambansa upang mapag-usapan at mabigyang-linaw ang mga napapanahon at makabuluhang isyung pangwika; at

c. palakasin ang pakikipag-ugnayan at pagtutulungan ng iba't ibang institusyon at organisasyon, pampubliko man o pampribado, sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2006.

3. Para sa isang buwang pagdiriwang, lingguhang hinati-hati ang paksa gaya ng sumusunod:

| | | | |
|---|---|---|---|
| Agosto | 1-7 | - | Natural sa isang Pilipino na maraming alam na wika |
| Agosto | 8 -15 | - | Bansang masagana sa wika: bansang masagana sa kultura |
| Agosto | 16-22 | - | Pilipinong mayaman sa wika: pinagkakaisa ng wikang pambansa |
| Agosto | 23-31 | - | Mga wikang sarili at di-sarili: parehong kailangan sa edukasyon |

4. Kalakip ang mungkahing Gawain para sa inyong patnubay. Hindi inaalis sa mga puno ang magsagawa ng sariling Gawain na naaayon sa pangangailangan ng sariling paaralan, lalu pa at ito ay modang inter-aktibo.

5. Maaaring dumulog sa sumusunod na website ng KWF para sa mga karagdagang impormasyon: http://wika.pbwiki.com.

6. Hinihiling ang maaga at dagliang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

FE A. HIDALGO
Pangalawang Kalihim at
Nanunungkulang Kalihim

Kalakip:
Gaya ng nasasaad

Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran: Blg. 180, s. 2005

Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CELEBRATIONS & FESTIVALS
Learning Area, FILIPINO

Madel:c:Buan ng Wika
Computer used: Mamjo
7-15-06

(Kalakip sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 282, s. 2006)

**Tema ng Buwan ng Wika 2006**

## ANG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA AY BUWAN NG MGA WIKA SA PILIPINAS

**Agosto 1-7 - Natural sa isang Pilipino na maraming alam na wika.**

1. Pagdaraos ng pambukas na palatuntunan at pagpapaliwanag sa tema ng pagdiriwang.
2. Pagpapaskil ng mga poster sa kampus tungkol sa pagdiriwang.
3. Mga salin sa iba't ibang wika sa rehiyon ng mga paraan ng pagbati o mga pahayag at kasabihan (hal. "Tao po!", "Salamat", "Mabuhay!", "Mahal kita", atbp.).
4. Eksibit na nagpapakita ng kabuuang larawan ng iba't ibang wika sa Pilipinas, o dibersidad ng mga dayalekto sa isang wika (hal: Tagalog-Batangas, Tagalog- Marinduque, Tagalog-Calumpit, Tagalog-Quezon, atbp.)
5. Pagtalakay sa klase na natural para sa isang Pilipino na maraming alam na wika: wikang bernakular, wikang panrehiyon, wikang pambansa (Filipino) at wikang internasyunal (Ingles).
6. Patimpalak sa wikang ginagamit sa ibat ibang lugar/rehiyon sa Pilipinas.
7. Proyekto sa Siyensiya at Kalusugan: Larawan ng buong katawan ng tao at katutubong mga katawagan sa ibat ibang bahagi nito sa di-kukulangin sa tatlong wika sa Pilipinas.
8. Proyekto sa Matematika: Katutubong paraan ng pagbilang sa di-kukulangin sa tatlong wika sa Pilipinas.

**Agosto 8-15 - Bansang masagana sa wika: bansang masagana sa kultura.**

1. Pagtalakay sa klase ng mga katutubong panitikan ng di-kukulangin sa tatlong wika sa Pilipinas (hal. bugtong, salawikain, epiko, awiting bayan);
2. Pagtalakay sa klase sa pinanggalingan (etimolohiya) ng mga pangalan ng mga barangay sa kani-kanilang pook.
3. Pagtalakay at pagtatanghal sa klase ng mga katutubong pagkain, damit, sayaw, laro, atbp.
4. Mga pangkulturang pagtatanghal.
5. "Word games" sa wikang lokal o panrehiyon.
6. Proyekto sa Siyensiya at Kalusugan: katutubong pangalan ng mga isda, hayop, puno, anyong panlupa (*landforms*), anyong pantubig, halaman at iba pang bagay sa kalikasan.

7. Proyekto sa Matematika: pagtalakay sa klase kung paano ipinapahayag ang isahan, dalawahan at pangmaramihan sa lokal na wika (hal. mga [para sa pangmaramihan], mga [para sa di-tiyak na bilang], kami ni X [para sa dalawahan], kami nina X [para sa pangmaramihan], magkapatid [relasyong pandalawahan], magkakapatid [relasyong pangmaramihan], nagsitakbo [pangmaramihan], existensyal [mayroon], di-existensyal [wala]).

**Agosto 16-22 – Pilipinong mayaman sa wika: pinagkakaisa ng wikang pambansa.**

1. Pagsusulat ng sanaysay, maikling kuwento, talumpati, tula atbp sa wikang Filipino.
2. Pagkukuwento—biglaan at/o nakahanda-- sa wikang Filipino.
3. Pangkulturang pagtatanghal sa wikang Filipino.
4. "Word games" sa wikang Filipino.
5. Mga patimpalak sa (1), (2), (3) at (4).
6. Paggamit sa wikang Filipino sa lahat ng asignatura, kasama na ang siyensiya at matematika. Ipinapayo na hanguin na lamang--huwag isasalin sa Filipino– ang mga terminong teknikal at sayantipiko.
7. Simposyum tungkol sa bagong alpabetong Filipino.

**Agosto 23-31 – Mga wikang sarili at di-sarili: parehong kailangan sa edukasyon.**

1. Pagdaraos ng pampinid na palatuntunan kaugnay ng pagdiriwang ng buwan ng wikang pambansa 2006.

2. Pagdaraos ng simposyum o debate tungkol sa:
   i. "Dapat bang ipagamit ang wikang halu-halo o Taglish bilang midyum ng edukasyon?"
   ii. "Dapat bang gawing Ingles ang pangunahing midyum sa pagtuturo sa lahat ng antas ng edukasyon?"
   iii. "Napapanahon na bang gawing Filipino ang midyum sa pagtuturo sa lahat ng asignatura?"
   iv. "Panghihiram (sa Ingles): Pagpapayaman o pagsasalaula sa wika?"
   v. "Dapat bang gawing bernakular ang pangunahing midyum sa pagtuturo sa Grade 1,2, at 3?"

3. Pagbibigay ng mga gawad, pagkilala o premyo sa mga indibidwal at institusyon na may maiambag sa pagpapaunlad ng wikang Filipino/ mga wika sa Pilipinas, sa antas lokal at panrehiyon.